CONVEYOR
OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG SEMIRARA MINING AND POWER CORPORATION
Tomo 4 Isyu 1 Enero - Marso 2024

# Buwan ng kababaihan, ipinagdiwang ng SMPC

Pahina 7




## 311 estudyanteng atleta at mga coach, nakatanggap ng libreng checkup

Pahina 4

## SMPC at MMT, naglunsad ng Lakbay-Aral at outreach sa Mindoro

Pahina 6

## Mga babaeng mananahi sa Tinogboc, tumanggap ng bagong materyales panahi

Pahina 6



**Ruben P. Lozada**
Vice President for Mining Operations and Resident Manager

Ang bagong taon ay nagdadala ng pag-asa at hudyat ng panibagong simula. Sa pagpasok ng 2024, kasabay sa paghahatid ng SMPC ng mga pinaigting na programa para sa ikauunlad ng ating host communities, ikinalulugod kong ipakilala ang bagong mukha ng Conveyor, ang pampamayanang pahayagan ng SMPC.

Layon ng mas pinasimple at pinagandang Conveyor na mapalawak ang kaalaman ng mga mambabasa tungkol sa mga programa ng kumpanya para sa kabuhayan, kalusugan, kapaligiran, eduksayon, at kaligtasan. Hangad rin nitong mahikayat ang mas maraming miyembro ng komunidad na makilahok at makinabang sa mga ito.

Hinihikayat ko ang bawat isa na maging bahagi ng positibong pagbabago hindi lang para sa ating sarili pero pati na rin sa ating komunidad. Maraming salamat sa inyong walang-sawang suporta at tiwala!



**Creslito D. Bangalao**
Deputy Manager for Administrative Division

Pagpupugay sa patnugutan ng Conveyor sa pagpapaunlad nito upang makaabot at ma-kaengganyo ng higit na maraming mambabasa. Hangad nitong ihayag ang mga naisakatuparang programa, proyekto at aktibidad ng SMPC tungo sa pangmatagalang pag-unlad ng ating host communities sa Semirara Island.

Sa unang sangkapat ng taon, ipinagpatuloy natin ang ating mga proyektong pangkabuhayan para sa iba't ibang sektor. Nagsawa din tayo ng programang pangkalusugan gaya ng libreng health checkup, proyektong pang-edukasyon at sports para sa mga kabataan, at mga pagsasanay upang paunlarin ang kaligtasan ng komunidad.

Sa pagpapatuloy ng taon, inaasahan namin ang inyong suporta at pakikipagtulungan.

Maraming salamat. Padayon at Mabuhay!


CONVEYOR

**Editorial Adviser:** Engr. Ruben P. Lozada
**Editor in Chief:** Creslito D. Bangalao
**Managing Editor:** Januar R. Ong
**Associate Editor:** Ellaine R. Macayan
**Editorial Assistant:** Fiona B. Lota
Myrla D. Ong Gue
**Layout & Design:** Jan Carlo P. De La Peña

**Section Editors:**
Justine P. Balbin
Ben S. Lawangon
Catherine G. Lim
Romeo B. Malixi
Annaliza F. Patingan
Modesta E. Pionelo
Almar G. Valdemar

**Writing and Photo Contributors:**
Eugene S. Colacion
Allanibeth G. Vargas

SEMIRARA MINING & POWER CORPORATION
Republic of the Philippines Department of Energy


# MGA NILALAMAN




**02** Mga Mensahe

**03** 94 na mag-aaral ng STCI, nagsipagtapos na

**04** Mga pampublikong paaralan sa Semirara, nakatanggap ng Smart TV mula sa SMPC
311 estudyanteng atleta at mga coach, nakatanggap ng libreng checkup

**05** 193 na mga bata sa Semirara, nakinabang sa Oplan Sepilyo
Sports equipment para sa kalusugan ng mga kabataan at mama-mayan ng Brgy. Alegria

**06** Mga estibador sa Semirara, may bagong uniporme na
SMPC at MMT, naglunsad ng Lakbay-Aral at out-reach sa Mindoro
Mga babaeng mananahi sa Tinogboc, tumanggap ng bagong materyales panahi

**07** 56 na mangingisda sa Semirara, nabigyan ng lambat
Buwan ng Kababaihan, ipinagdiwang ng SMPC

**08** Sustainability Puzzle


EDUKASYON




## 94 na mag-aaral ng STCI, nagsipagtapos na

94 na mga mag-aaral mula sa mga kursong Automotive Servicing, Shielded Metal Arc Welding at Computer Systems Servicing ay nakapagtapos na sa isinagawang graduation ng Semirara Training Center, Inc. (STCI) noong Pebrero 28, 2024 sa SMPC Foodcourt, Brgy. Semirara, Caluya, Antique.

Ang mga nanguna sa klase ay nakatanggap ng libreng tools na maaari nilang gamitin sa kanilang magiging propesyon.

Ang graduation ceremony ay dinaluhan ng mga kinatawan mula sa opisina ng punong bayan ng Caluya na si Mayor Rigil Kent Lim, mga punong barangay sa Semirara at mga opisyal ng SMPC.

Nagbigay naman ng maikling mensahe sa mga nagsipagtapos si Lora Liza S. Dioquino, Human Resources and Organization Development Assistant Vice President ng SMPC.

Mula pa noong 2006, nakapagpatapos na ang STCI ng 1,566 na mga estudyante at 595 sa bilang na ito ay nabigyan ng trabaho ng SMPC o ng IWMPC.

Ito ay bahagi ng programa ng kumpanya na makapagbigay ng kalidad na edukasyon at kabuhayan para sa mga mamamayan ng Semirara.





The Conveyor NEW DESIGN - Q1 2024 - Volume 4, Issue 1 - Reduced Pages.indd 2-3 9/12/2024 2:44:12 PM



# Mga pampublikong paaralan sa Semirara, nakatanggap ng Smart TV mula sa SMPC

Upang lalong malinang at magkaroon ng interactive na karanasan sa pag-aaral ng mga estudyante, nagkaloob ng labindalawang (12) brand new Smart TV ang SMPC sa mga piling pampumblikong paaralan ng isla ng Semirara, Caluya, Antique noong Enero 9 at 10, 2024.

Kabilang sa mga eskwelahang nakatanggap ng Smart TV ay ang Tinogboc Elementary School (6), Tinogboc National High School (4), at Alegria Elementary School (2).

"Lubos kaming nagpapasalamat sa SMPC sa pagbibigay ng mga bagong Smart TVs. Malaki ang maitutulong ng mga ito sa aming mga mag-aaral, lalo na sa ating panahon na napakalaki ng bahagi ng teknolohiya sa kanilang edukasyon," ayon kay Ms. Ma. Roselie Abejo, School-In-Charge ng Tinogboc

KALIGTASAN AT KALUSUGAN

# 311 estudyanteng atleta at mga coach, nakatanggap ng libreng checkup

Sumailalim sa libreng pagsusuring pangkalusugan ang 311 na mga estudyanteng atleta at kanilang mga coach sa tulong ng medical team at Community Relations ng SMPC at mga kawani ng mga paaralan noong ika-1 ng Pebrero, 2024 sa SMPC Food Court.

Nakatulong ito upang masiguro ang maayos na pangangatawan ng mga kalahok bago tumulak sa Cluster Athletic Meet na ginanap sa Antique.

Bukod sa checkup ay sinagot din ng SMPC ang kanilang transportasyon papunta at pabalik mula sa nasabing palaro.







# 193 na mga bata sa Semirara, nakinabang sa Oplan Sepilyo

Bilang pakikibahagi sa pagdiriwang ng Oral Health Month 2024 na may temang "Ngipin Pagtibayin, Tamang Pagsisipilyo Ating Gawin," pinangunahan ng SMPC, katuwang ang mga opisyal ng barangay Tinogboc at Alegria, ang isang Health Awareness Program para sa 193 na bata (76 na taga-Tinogboc at 117 na taga-Alegria) noong Pebrero 12-13, 2024.

Ito ay ginanap sa Barangay Covered Court ng Tinogboc at Phase 5 Multipurpose Hall, sa Bunlao, Brgy. Alegria, Semirara, Caluya, Antique.

Layunin ng nasabing programa ang maipakita at maitanim sa isip ng mga bata ang wasto at palagiang pagsisipilyo upang mapangalagaan ang kanilang mga ngipin at kalusugan ng kanilang bibig.

Pinangasiwaan din ng dental team ang paglalagay ng fluoride sa mga ngipin ng mga lumahok sa programa at namahagi ng libreng dental kits na naglalaman ng kiddie toothbrush, toothpaste at gabay ukol sa oral hygiene para sa mga magulang.





KOMUNIDAD

# Sports equipment para sa kalusugan ng mga kabataan at mamamayan ng Brgy. Alegria

Upang mahikayat ang mamamayan, lalo na ang mga kabataan, na maging aktibo sa palakasan, nagkaloob ng sports equipment ang SMPC sa Sangguniang Kabataan ng Alegria noong Marso 1, 2024 sa Barangay Plaza ng Alegria, Semirara Island.

Iba't ibang sports equipment ang ibinahagi, kabilang dito ang mga basketball hoops, raketa ng badminton, at mga volleyball. Ang mga kagamitan ay maaaring gamitin ng lahat ng mga residente, lalo na ang mga mag-aaral na atleta










The Conveyor NEW DESIGN - Q1 2024 - Volume 4, Issue 1 - Reduced Pages.indd 4-5
9/12/2024 2:44:18 PM

## Mga estibador sa Semirara, may bagong uniporme na



Bilang pagkilala sa kanilang pagtataguyod sa mga manlalakbay at dumadaong sa isla ng Semirara, pinagkalooban ng SMPC ang 46 na miyembro ng Suja Pinagpala Stevedoring Association ng libreng uniporme noong ika-8 ng Enero, 2024 sa Pinagpala Pier, Brgy. Semirara, Caluya, Antique.

Ang pamamahagi ay tuwirang pagtugon sa kahilingan ng mga estibador na sila ay mabigyan ng maayos na kasuotan upang maging madali ang pagkakakilanlan sa kanila ng publiko at magsilbi na ring pananggalang nila laban sa init at 'di magandang panahon. Bukod dito, mas madali rin silang makikita tuwing madaling araw at gabi dahil ang mga uniporme ay reflectorized.

Pinangunahan ng SMPC Community Relations ang turnover ceremony sa mga miyembro ng nasabing grupo.

## SMPC at MMT, naglunsad ng Lakbay-Aral at outreach sa Mindoro



Isinagawa ng SMPC at Multi-Partite Monitoring Team (MMT) ang Lakbay-Aral at paghahatid ng tulong sa Sablayan Prison and Penal Farm, San Jose at Sablayan, Mindoro Occidental noong Enero 23 at 24, 2024.

Layunin ng aktibidad na mas mapalalim ang kaalaman ng grupo sa pamamagitan ng pagmamasid sa mga programang pangkabuhayan at edukasyon para sa mga katutubong Mangyan, na nasimulan na ng Divine Word College of San Jose, at ng Sablayan Prison and Penal Farm (SPPF) na nakatuon naman sa pagbibigay ng pinagkakakitaan para sa persons deprived of liberty (PDLs).

Bukod dito, namigay din ang grupo ng bigas, de lata, at mga hygiene kits sa mga PDLs.

KABUHAYAN

## Mga babaeng mananahi sa Tinogboc, tumanggap ng bagong materyales panahi



Namahagi ang SMPC ng mga bagong materyales na pantahi sa Tinogboc Women's Association noong ika-9 ng Marso, 2024. Ang turnover ceremony na pinangunahan ng mga kawani ng Community Relations Department ng SMPC at sinaksihan ng Punong Barangay ng Tinogboc ay naganap sa Dressmaking Building, Barangay Tinogboc, Caluya, Antique.

Anim na mga miyembro ng nasabing samahang pangkababaihan ang direktang nakinabang sa ibinigay na mga materyales ng kumpanya.

Gagamitin ang mga materyales upang makalikha ng high-value products tulad ng kurtina, kobre-kama at punda ng unan. Dahil sa kakayahang makatahi ng ganitong mga produkto, mas malaki ang potensiyal na kikitain at maiaambag ng mga mananahi para mapalago ang kapital ng samahan.



## 56 na mangingisda sa Semirara, nabigyan ng lambat

Upang mabigyan ng mapagkakakitaan sa pamamagitan ng pangingisda, namahagi ang SMPC, katuwang ang BLGU ng Semirara, ng libreng lambat sa 52 indigent members ng Barangay Semirara Fisherfolks Association (BSFA) noong ika-29 ng Pebrero sa Barangay Semirara Gymnasium.



Malaking tulong ang mga nasabing lambat dahil ito ay nataon sa "open fishing season" sa isla ng Semirara na kadalasa'y nagsisimula sa buwan ng Marso at nagtatapos ng Hunyo.

Ang 56 na napiling benepisyaryo ay bukod pa sa 75 na mga mangingisda na nauna nang nabigyan ng fiberglass na mga bangka, solar kits at fishing implements mula sa SMPC.

TAMPOK

## Buwan ng Kababaihan, ipinagdiwang ng SMPC

Nakiisa ang SMPC sa pagdiriwang ng Pangbansang Buwan ng Kababaihan na may temang "Lipunang Patas sa Bagong Pilipinas: Kakayahan ng Kababaihan, Patutunayan!" Ito ay dinaluhan ng 169 na babaeng kawani mula sa iba't ibang departamento sa SMPC noong ika-24 ng Marso, sa SMPC Foodcourt, SMPC oval at sea wall.

Pinangunahan ng Human Resources Department (HROD) ang pagsasagawa ng mga aktibidad tulad ng pagtatanim ng mga puno, fun run, inspirational talks at mga pampering sessions kung saan maaaring magpagupit ng buhok, magpa-manicure at magpa-pedicure ang mga lumahok.



Ang paggunita ng Pangbansang Buwan ng Kababaihan ay pinasinayaan noong 1998, matapos lagdaan ni dating Pangulong Corazon C. Aquino ang Proklamasyon Blg. 224 na nagtakda sa unang linggo ng Marso bilang Linggo ng Kababaihan at pagbibigay pugay sa mahalagang papel na ginagampanan ng sektor ng kababaihan sa ating lipunan.



The Conveyor NEW DESIGN - Q1 2024 - Volume 4, Issue 1 - Reduced Pages.indd 6-7 9/12/2024 2:44:21 PM

# SUSTAINABILITY PUZZLE

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| R | E | X | I | P | J | U | S | B | V | N | V | U | K | J | C | O | S | O | W | H | K | K | U | S |
| E | Z | O | I | H | N | T | R | S | B | O | Z | N | L | T | N | H | Z | P | Y | N | K | K | G | R |
| Q | R | F | V | K | O | T | J | C | F | I | Q | J | O | M | C | U | Z | T | K | N | Q | M | G | N |
| G | T | I | K | F | Q | L | G | P | I | T | Z | P | I | F | L | F | I | D | C | H | Q | R | U | Z |
| Q | P | X | X | P | P | X | C | F | Y | A | M | A | E | Z | T | S | S | N | G | M | L | C | L | J |
| C | T | H | E | R | E | A | W | W | V | V | F | Z | O | S | R | W | I | Q | D | J | E | S | U | O |
| H | P | F | I | I | E | G | G | K | C | R | A | C | J | E | B | Y | V | S | J | A | F | E | P | D |
| I | M | N | O | D | M | D | E | A | J | E | T | G | V | A | N | O | I | T | A | C | U | D | E | F |
| O | N | D | J | U | D | Q | X | M | E | S | F | I | O | B | Q | Z | B | R | B | M | Z | J | N | R |
| D | T | T | R | Q | J | L | S | Y | P | N | D | Z | U | H | S | P | E | K | H | D | V | J | U | O |
| P | R | E | S | E | R | V | A | T | I | O | N | G | O | H | O | U | S | K | F | I | A | N | M | V |
| V | O | O | N | F | Z | U | J | L | I | C | W | D | F | S | G | T | K | M | W | I | R | F | K | X |
| R | Q | X | H | W | E | U | W | B | D | J | N | E | S | H | K | G | R | A | P | W | O | C | C | Q |
| E | D | P | S | D | G | N | Z | G | E | H | K | X | R | I | G | E | P | E | K | U | L | M | Z | H |
| N | O | K | M | M | E | T | S | Y | S | O | C | E | W | M | U | S | O | R | E | I | F | X | A | O |
| V | I | T | A | Z | A | V | Z | B | L | Z | Z | R | S | V | E | A | U | W | M | R | E | A | X | P |
| I | E | Q | L | V | Y | I | E | J | N | M | E | D | L | R | Q | N | C | A | U | S | H | V | V | T |
| R | B | N | C | H | G | B | L | L | S | H | E | P | E | H | Y | G | T | H | S | G | H | G | C | K |
| O | T | Q | T | F | B | B | A | Q | O | E | S | S | F | Y | J | E | Y | W | Q | K | F | Y | J | W |
| N | E | M | N | Z | R | P | O | A | W | P | E | B | Y | P | V | O | J | G | Z | I | K | Q | Q | E |
| M | L | X | A | N | D | S | C | A | R | O | M | J | D | X | L | B | G | K | H | U | V | N | R | O |
| E | K | I | I | C | Y | H | E | C | X | D | M | E | W | U | C | N | B | Z | Z | X | Y | X | F | M |
| N | J | C | G | K | X | S | H | T | H | I | R | Z | N | W | R | G | X | I | R | X | D | T | J | G |
| T | B | I | P | W | P | I | B | M | V | K | K | S | U | T | Z | Q | X | I | X | W | L | G | N | K |
| P | Z | Q | L | G | G | N | I | L | C | Y | C | E | R | R | X | P | A | B | M | X | X | H | L | O |

**AGOHO TREE**
**PRESERVATION**
**GIANT CLAMS**
**CONSERVATION**
**DEVELOPMENT**
**COAL**
**EDUCATION**
**SEAWEED**
**FLORA**
**BIODIVERSITY**
**RECYCLING**
**ENVIRONMENT**
**ECOSYSTEM**
**EMPOWERMENT**
**CLIMATE**

**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON**

Community Response Line: 0962 641 7429
Email: jrong@semirarampcsite.com
www.semiraramining.com
facebook.com/SMPCEmpoweringOthers
linkedin.com/company/semirarampc
youtube.com/semirarampc

SEMIRARA MINING & POWER CORPORATION